



"Hebreo" ang pangalang ikinapit sa mga Judio na nanirahan sa Palestina, di tulad ng marami sa kanila na nandayuhan sa mga ibang bansa. Ang sulat na ito ay iniukol sa mga unang pamayanang Kristiyano sa Palestina na binuo ng mga Judio – ayon sa lahi – na pinag-usig at pinarusahan na, ang mga ari-arian ay sinamsam pa, at ang lahat ng ito ay dahil naging tagasunod sila ni Kristo. Wala nang nalabi pa sa kanila sa mundong ito, at sila-sila ang nagpapalakas sa loob ng isa't isa, lakip ang paniniyak na sa wakas ng pagkatapon sa kanila ay matatagpuan nila ang tunay na Tahanan na tinunguhan ni Jesus pagkatapos ng Pasyon nito. Sa ganitong paraan ay gaya sila ng kanilang mga ninunong Hebreo na nanirahan sa ilang sa pag-asa at sa paghahanap sa Lupang Pangako.

Makatutulong na malaman na ang sulat na ito ay iniuukol sa mga taong kilala ang Matandang Tipan: maaaring sila ang mga paring Judio na sumampalataya kay Kristo at dahil dito ay nagdaraan sa isang matinding pagsubok. Talaga nga, na noon, ang Templo ang kanilang buong buhay sapagkat sila ay mga pari: naghandog sila ng mga sakripisyo at tumatanggap sila ng bahagi ng mga hayop na ginawang handog bilang kabayaran sa kanila. Gayunman, ngayon ay hindi lamang sila inalis at hindi na tinatanggap sa templo ng mga Judio, kundi pinalitan na rin sila ni Kristo. Sapagkat dumating siya bilang ang Bagong Templo at ang ganap na biktima, bilang tanging Pari na may kakayahang ilapit ang tao sa Diyos.

Sa gayon ay kinuha ni Kristo sa kanila ang kanilang gawain, pati ang tanging bokasyon nila. Kung minsan, ang mga lalaking ito na nakakilala kay Jesus ay nag-aalinlangan: nagbago na nga kaya ang lahat-lahat dahil sa kanya?

Upang patunayan ang kanilang pananampalataya, ipinakikita ng sulat na ito na ang relihiyong Judio, kasama ang maluningning na mga paghahandog sa Templo ng Jerusalem ay

**1** • 1 Noong una, nagsalita ang
Diyos sa ating mga ninuno sa tulong
ng mga propeta sa baha-bahagi at sari-
saring paraan, 2 ngunit ngayon sa mga
huling araw, nagsalita siya sa atin sa
pamamagitan ng Anak na ginawa niyang
tagapagmana ng lahat ng bagay, yamang
ipinatadhana niya sa kanya ang ayos ng
kasaysayan.
3 Siya nga ang ningning ng luwalhati ng
Diyos at tatak ng kanyang nakatagong
pag-iral, na umaalalay sa lahat sa bisa ng
kanyang salita. At nang maganap niya
ang paglilinis sa mga kasalanan, lumuk-
lok siya sa kanan ng Dakilang Diyos sa
kataas-taasan.
4 Kaya higit siyang dakila sa mga
anghel kung paanong mataas pa sa kanila
ang pangalang minana niya.
5 Sino nga sa mga anghel ang sinabihan
kailanman ng: *Ikaw ang aking anak,*
*inianak kita ngayon?* At saka: *Ako ang*
*magiging ama niya at siya naman ang*
*aking anak.* 6 Kaya nang sa sanlibuta'y
papasukin ng Diyos ang Panganay, sina-
sabi niya: *Sambahin siya ng lahat ng*
*anghel ng Diyos.* 7 Tinutukoy sa salitang
ito ang mga anghel: *Sinusugo Niya ang*
*kanyang mga anghel gaya ng mga*
*hangin, at ang kanyang mga lingkod*
*gaya ng maalab na apoy.*
8 At sinasabi naman niya tungkol sa
Anak: *Magpakailanman ang iyong luklu-*
*kan, O Diyos, at paghahari ng kataru-*
*ngan ang iyong paghahari.* 9 *Hangad mo*
*ang pagkamatuwid at ayaw mo ng kasa-*
*maan; dahil dito pinahiran ka ng Diyos na*
*iyong Diyos, ng langis nang may higit*
*pang kagalakan kaysa iyong mga kasa-*
*mahan.*
10 At ito rin:
*Ikaw, Panginoon, ang nagtatag sa*
*daigdig sa pasimula pa at gawa ng iyong*
*kamay ang kalangitan.* 11 *Masisira ang*
*mga ito pero mananatili ka; maluluma*
*ang lahat-lahat gaya ng damit;* 12 *at*
*bibilutin mo sila gaya ng banig. Papalitan*
*sila gaya ng damit pero ganoon ka pa rin*
*at di matatapos ang iyong mga taon.*
13 Sino sa mga anghel ang kailanma'y
sinabihang: *Lumuklok ka sa aking kanan*
*hanggang magawa kong tuntungan ng*
*iyong mga paa ang mga kaaway mo?*
14 Sapagkat utusan lamang ang mga
espiritung ito; di ba't sinusugo sila para
paglingkuran ang mga magkakamit ng
kaligtasan?

---

sagisag lamang ng isang higit na dakilang bagay: ang totoong Pari sa buong sangkatauhan ay si Jesus, ang Anak ng Diyos, at ngayon, ang nariyan ay ang kanyang pagpapakasakit na lamang, na nagsimula sa krus at nagwakas sa Luwalhati ng Langit.

Hindi ba marami ring "Hebreo" sa kasalukuyang daigdig? Ang mga maysakit na wala nang pag-asa, ang mga pinag-uusig na Kristiyano, ang mga taong hindi tinatanggap ang kawalang-katarungan at ang kababaang-uri ng lipunang ginagalawan natin. Bagamat hindi nila nauunawaan ang lahat ng batayan at pagsipi ng mga kasabihang biblikal ng sulat na ito, mapalalakas naman ang loob ng mga taong ito sa kanilang pananampalataya.

Sa Roma sinulat ang liham na ito. Marahil ay noong taong 66, nang palapit na ang pakikidigma ng Jerusalem na nagwasak dito. Noon ang mga huling buwan ng buhay ni Pablo; nabilanggo siya sa Roma sa ikalawang pagkakataon. Masasalamin sa sulat na ito ang mga kaisipan ni Pablo, bagamat hindi niya isinulat. Malaki ang posibilidad na ang awtor ay si Apollos, na binabanggit sa Gawa 18:24-28, "isang lalaking malaki ang kaalaman sa Banal na Kasulatan" at "nakapagpatunay mula sa Kasulatan (Matandang Tipan) na si Jesus ang Mesiyas."

**2** 1 Kaya, dapat nating pag-ingatang mabuti ang mga narinig natin, at baka tayo maligaw. 2 Alam nating naging matibay ang kautusang ipinahayag sa pamamagitan ng mga anghel at siningil ng tumpak na kabayaran ang sinumang nagkasala o sumuway dito; 3 at kung iiwanan natin ang ganito kalaking kaligtasan, paano tayo ligtas na makalalayo? Ang Panginoon nga mismo ang nagsimulang magpahayag nito at saka ito pinatotohanan sa atin ng mga nakarinig sa kanya. 4 At pinagtibay ng Diyos ang kanilang patotoo sa pamamagitan ng maraming tanda at kahanga-hangang gawa, at ng iba't ibang himala at kaloob na ibinibigay ng Espiritu Santo ayon sa kanyang kagustuhan.

• 5 Sapagkat hindi sa mga anghel ipinailalim ang parating na bagong daigdig na ating pinag-uusapan. 6 May nagsabi: *Ano ang tao at inaalala mo siya? Ano ang anak ng tao at inaalagaan mo siya?* 7 *Sandali mo siyang ginawang mababa sa mga anghel, at saka mo pinutungan ng luwalhati at karangalan.* 8 *Ipinailalim mo ang lahat sa kanyang mga paa.* Ipinailalim nga sa kanya ng Diyos ang lahat at walang anumang itinangi. Hindi pa natin nakikita na ipinailalim nga sa kanya ang lahat, 9 ngunit nakikita na natin na *pinutungan ng luwalhati at karangalan* si Jesus na dumanas ng kamatayan alang-alang sa lahat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos. Siya nga ang *sandaling ibinaba kaysa mga anghel.*

10 Ginusto ng Diyos, na pinagmumulan ng lahat at gumagawa ng lahat, na maghatid ng maraming anak sa kaluwalhatian, at kasiya-siya sa kanya na gawing ganap sa bisa ng mga paghihirap ang naging tagapamahala ng kaligtasan. 11 Iisa lang ang Nagpapabanal at ang mga pinabanal, kaya hindi ikinahiya ni Jesus na tawagin silang mga kapatid, 12 sa pagsasabing *Ipakikilala ko ang iyong pangalan sa mga kapatid ko, sa pagtitipo'y magpupuri ako sa iyo.*

13 At: *Sa kanya ako mananalig.* At saka: *Narito ako at ang mga anak na bigay sa akin ng Diyos.*

14 Iisang laman at dugo lamang ang mga anak, kaya nakibahagi siyang lubos sa kanilang kalagayan. Sa ganito niya pinawalang-bisa sa pamamagitan ng kamatayan ang may hawak noon sa kamatayan, ang diyablo. 15 At pinalaya niya ang mga inalipin sa buong buhay nila dahil sa takot sa kamatayan. 16 Hindi dumating si Jesus para tumulong sa mga anghel, kundi ang lahi ni Abraham ang

---

• **1**.1 Ipinakikita ng kabanatang ito na si Kristo, *ang Anak ng Diyos*, ay nakahihigit nang malaki kaysa mga anghel. Tingnan ang gayunding kontrobersya sa Colosas 1:15-20 at sa Efeso 1:2-23. Bago isinilang si Jesus, ang Anak ay nasa Diyos, *ang ningning ng luwalhati* ng Ama. Diyos mula sa Diyos, Liwanag mula sa liwanag, di-nakikitang Larawan ng Diyos na di-nakikita, *tatak ng nakatagong pag-iral ng Diyos* (Jn 1:1-14).

Maaaring nakagitla sa atin ang paghahambing kay Jesus sa mga anghel (tulad sa Ef 1 at sa Col 1). Ngunit sa mga mananampalataya sa panahon ni Jesus, sapat nang pagnilayan ang sangkinapal para ipalagay na sa ibayo ng kaisahan at kaningningan ng paglikha ay nakikisangkot ang mga makalangit na nilalang at kapangyarihang tinatawag na anghel – ang tagapamahagi ng mga kayamanang mula sa Diyos. Sa kanila, hindi nakatagpo ni Moises ang mismong Diyos, sa halip, ay ang mga anghel ang nagbigay ng Batas (tingnan ang 2:1). Sa gayon, maaari bang mapantayan ng tao ang mahiwagang kapangyarihang ito, gaano man siya kabanal, kahit na si Jesus?

• **2**.5 *Ang parating na bagong daigdig*. Ang talagang sinasabi ng teksto ay: *ang daigdig na darating*. Hindi tinutukoy nito ang panahong darating, o ang katapusan ng daigdig; sa halip, ay ang bago at nakatakdang panahon na nagsimula sa muling pagkabuhay ni Kristo.

Ang bagong daigdig ay doon nagbangon si Kristo. Iyon ang tahanang-lupain na inaasam natin. Ngunit nakarating na rin sa atin ang bagong daigdig na ito: laging nararanasan iyon ng sinumang nananampalataya at buhay at nakikilala niya iyon sa iba.

*Kasiya-siya sa kanya na gawing ganap sa bisa ng paghihirap ang naging tagapamahala ng kaligtasan* (10). Walang ibang paraan sa paglaya ang tao kundi sa daan ng krus. Kailangang subukin ang mga masigasig na palayain ang kanilang kapatid, sa pagsalungat o pagwawalang-bahala sa kanila. Mabuting guro ang

tinutulungan niya. 17 Kaya kinailangan
niyang tularan sa kanilang buong kala-
gayan ang mga kapatid para maging
punong paring maawain sa kanila at
matapat sa paglilingkod sa Diyos, at para
makapagbayad-sala siya para sa bayan.
18 Dahil sinubok siya sa pagtitiis, na-
kakatulong siya ngayon sa mga sinu-
subok.

**Dumating si Kristo bilang bagong Moises**

3 • 1 Kaya, mga banal na kapatid,
na kaisa ko sa makalangit na tawag,
pagnilayan ninyong mabuti si Jesus na
apostol at punong pari ng ating relihiyon.
2 Matapat nga siya sa Humirang sa
kanya, gaya ng pagiging *matapat ni
Moises sa buong sambahayan ng Diyos.*
3 Pero higit pa kay Moises ang kaluwal-
hatiang marapat sa kanya dahil mas
mahalaga nga kaysa bahay ang nagta-
tayo ng bahay. 4 May tagapagtayo ang
bawat bahay, at ang Diyos ang taga-
pagtayo ng lahat. 5 Naging *matapat si
Moises sa buong sambahayan ng Diyo*s;
kumilos siya bilang *lingkod* nang ipa-
hayag niya ang sinabi sa kanya. 6 Matapat
naman si Jesus, ngunit bilang Anak sa
sariling pamamahay; at kasambahay niya
tayo kung iingatan natin ang katiyakan at
sigla ng ating pag-asa.
7 Kayat ayon sa sabi ng Espiritu Santo:
*Marinig nawa ninyo ngayon ang kan-
yang tinig.* 8 *Huwag patigasin ang inyong
mga puso gaya ng nangyari sa Pagtatalo,
sa araw ng Pagtukso sa ilang.* 9 *Doon ako
tinukso at sinubok ng inyong mga ni-
nuno; at nakita nila ang aking mga gawa.*
10 *Apatnapung taon akong namuhi sa
lahing iyon at sinabi ko: Hindi nila
nakilala ang aking mga daan; laging
ligaw ang kanilang puso.* 11 *Kaya sa aking
galit ako'y nagsalita: Hindi sila makapa-
pasok sa aking kapahingahan.*
12 Mag-ingat kayo, mga kapatid; huwag
magkaroon ng masamang kalooban ni isa
sa inyo sa di-paniniwala at sa paglayo sa
Diyos na buhay. 13 Sa halip, palakasin
ninyo ang loob ng isa't isa araw-araw
habang *ngayon* pa, at baka maligaw sa
kasalanan at magmatigas ang sinuman sa
inyo. 14 Kasama tayo ni Kristo kung
panghahawakan natin hanggang wakas
ang paninindigan natin noong simula.
15 Sinasabing: *Marinig nawa ninyo
ngayon ang tinig ng Diyos; huwag
patigasin ang inyong mga puso gaya ng
nangyari sa Pagtatalo.*
16 Sino ang mga nakarinig at nagtalo?

---

paghihirap at sinusubok nito ang tibay ng ating pagsuko.

Sa krus ni Kristo dapat nating matuklasan ang pag-ibig ng Ama sa kanyang Anak, sapagkat "hindi hinatulan" niya ang Anak upang maghirap kasama ang mga tao; sa halip, sa paghihirap, tinawag siya ng Ama upang maging Tagapagligtas at huwaran ng bawat isa.

*Kaya nakibahagi siyang lubos sa kanilang kalagayan* (14). Gumagamit ng pantaong pagkakaisa ang Diyos upang mailigtas tayo. Iniligtas tayo ni Kristo sa pamamagitan ng pakikibahagi *sa laman at dugo*, at sa kapalaran ng tao. Sa katulad na paraan, maliligtas tayo kung tutulong sa pagpapalaya sa daigdig, kung tatanggapin natin nang buong-tapang ang pagsandig at pakikiisa sa iba. Ang pagsama sa iba sa paggawa, ang pagsama sa paghihirap at pakikipagsaya sa iba ay isang paraan ng pagliligtas sa kanila. Paminsan-minsan, gusto nating takasan ang mga kalagayang pantao at maging mapagsarili: sa ating palagay ay sa ganitong paraan mapaglilingkuran nating mabuti ang Diyos; gayunman, ang pagsandig natin sa maliliit na bagay sa pang-araw-araw na buhay ang paraan ng Diyos upang *tulungan ang sangkatauhan*.

• **3.**1 Alam ng mga Judio na nakapaglakbay sa ilang ang kanilang mga ninuno sa pamumuno ni Moises sa paghahanap sa lupang ipinangako sa kanila ng Diyos.

Nasa sa Exodo ang kasaysayan ng paglalakad na ito. Lagi silang inaanyayahan ng Diyos sa pamamagitan ni Moises, na sundan ang landas sa tunay na paglaya. Gayunman, tumigil sila sa paghahangad sa Lupang Pangako, nang mawala na ang kanilang mga takot. Ngayon, kailangang simulang muli ng mga mananampalataya ang paghanap sa Lupang Pangako, at iyan, ang *Pamamahinga* na inihahandog ng Diyos. Noong una, si Moises, ang *lingkod* ng Diyos, ang naging gabay ng mga tao at pinanagutan *ang kanyang sambahayan*. Ngayon naman ay ang Anak. Akala ng mga Hebreo ay matatagpuan nila ang kapahingahan sa isang takdang pook, sa Palestina. Gayunman, ang Kapahingahan ay ang matalik na buhay sa Diyos na

Di ba ang lahat ng inilabas ni Moises sa
Ehipto? 17 Kanino namuhi ang Diyos sa
loob ng apatnapung taon? Sa mga nagka-
sala; at *nabuwal ang kanilang mga
bangkay sa ilang.* 18 Sino ang kanyang
mga tinukoy na hindi makapapasok sa
kanyang kapahingahan? Ang mga di
naniwala. 19 Nakikita nga natin na di pani-
niwala ang naging dahilan ng di nila
pagpasok.

**4** 1 Kaya mag-ingat tayo habang
inaanyayahan tayong pumasok sa
kapahingahan ng Diyos, at baka may
maiwan sa inyo. 2 Nabalitaan nga natin
ang salita gaya nila na hindi naman pi-
nakinabangan ang salitang kanilang
narinig, sapagkat hindi nila ito tinanggap
nang may paniniwala. 3 Papasok naman
tayo sa kapahingahan kung maniniwala
tayo, ayon sa sinabing: *Sa aking galit
ako'y nagsalita: Hindi sila makapapasok
sa aking kapahingahan* – tinutukoy nito
ang pahinga ng Diyos sa lahat niyang
gawa, pagkalikha niya sa daigdig.
4 Sapagkat may sinabi rin tungkol sa
ikapitong araw na: *Nagpahinga ang Diyos
sa ikapitong araw sa lahat niyang mga
gawa.* 5 At sinasabi naman dito na: *hindi
sila makapapasok sa aking kapahi-
ngahan.*
6 Kung gayon, may dapat pumasok
doon, kahit hindi nakapasok ang mga
unang nakarinig dahil sa kanilang
pagsuway. 7 Kaya pagkalipas ng matagal
na panahon, itinatakda uli ng Diyos ang
isang araw sa pagsasabi niyang: *ngayon*,
at sa pamamagitan ni David ito ang sinabi
niya: *Marinig nawa ninyo ngayon ang
kanyang tinig; huwag patigasin ang
inyong mga puso.*
8 Kung talagang binigyan sila ni Josue
ng lugar ng kapahingahan, hindi na sana
nagsalita ang Diyos tungkol sa iba pang
araw. 9 Kaya may nakalaan pang Araw ng
Pahinga para sa bayan ng Diyos, 10 at ang
pumapasok sa kapahingahan ng Diyos ay
nagpapahinga sa kanyang mga gawa
gaya ng Diyos sa sarili Niyang mga gawa.
11 Kaya magsikap tayong pumasok sa
kapahingahang ito at baka mapasama rin
tayo sa parusa ng di paniniwala. 12 Buhay
nga ang salita ng Diyos na mabisa at mas
matalas kaysa tabak na may magkabi-
lang talim. Lumalagos ito hanggang sa
hati ng kaluluwa at espiritu, ng mga
pagkakahugpong at kaloob-looban
upang suriin ang mga hangarin at layunin
ng puso. 13 Lagusan ang tingin niya sa
lahat ng nilalang; hubo't hubad at lantad
ang lahat sa mga mata Niya na siya na-
ming pagsusulitan.

**Si Kristo ang Punong-pari natin**

• 14 Dahil mayroon tayong dakilang
punong pari na pumasok sa langit na si
Jesus na Anak ng Diyos, panghawakan
nating mabuti ang ating paniniwala. 15 Na-

---

inaabot natin sa pagsampalataya at pagpasok sa pamayanang Kristiyano.

Ilang beses ipagugunita ng sulat na ito ang babala na ibinigay sa mga peregrinong Hebreo sa disyerto: *Marinig nawa ninyo ngayon ang tinig ng Diyos*! Mahaba ang landas at napapagod ang mananampalataya kapag dumarating ang kahirapan, kasunod ng kasiglahan sa mga unang araw. Sa tulong ng mga salita ni Kristo, kailangang ipagpatuloy natin ang pag-asa sa ipinangako ng Diyos, gayong hindi nakikita ng ating mga mata.

Binabanggit ng tula ng paglikha ang Pamamahinga ng Diyos pagkatapos likhain ang daigdig: ang ibig sabihin nito ay kailangang umunlad ang sansinukob, hanggang makapasok sa kabuuan ng hiwaga ng Diyos. Ang kalungkutan at gawain ng tao sa daigdig na ito ay siyang nagdadala sa kanya sa kanyang tunay na wakas, na "pamamahinga" sa ligaya ng Diyos.

• **4**.14. Para sa mga Judio, may taglay na kabanalan ang Punong Pari – sa kabila ng kanyang mga kapintasan. Pinangangalagaan niya ang mga tao laban sa kaparusahang angkop sa kanilang mga kasalanan. Hindi lamang ang mga pinuno ang kailangan ng mga tao upang pamahalaan sila, kundi ang tagapagtanggol sa harap ng Diyos. Ganoon si Aaron, na kapatid ni Moises, na unang pari ng mga Judio, at katulad niya ang mga punong paring humalili sa kanya.

Dito nahahayag ang gayong kaisipan: kinatawan ng mga tao sa harap ng Diyos ang *Punong Pari* at dapat marupok din siyang tulad nila, ngunit tinanggap ng Diyos. Ganitong-ganito si Kristo nang lubos at ganap.

kikiramay nga ang ating punong pari sa
ating mga kahinaan dahil tulad nati'y
sinubok din siya sa lahat ngunit hindi siya
nagkasala. 16 Kaya dumulog tayong may
pananalig sa Diyos ng kagandahang-loob
upang kaawaan niya tayo at tulungan sa
tamang panahon.

**5** 1 Ang Punong-pari ang kinatawan
ng mga tao para sa Diyos, at hini-
hirang siya mula sa mga tao upang
maghandog ng mga alay at hain para sa
kasalanan. 2 May malasakit nga siya sa
mga mangmang at naliligaw sapagkat
balot din siya sa kahinaan. 3 Dahil dito,
kailangan niyang maghandog ng hain
para sa kasalanan ng sambayanan at pati
na sa sariling mga kasalanan. 4 Walang
maaaring umangkin sa tungkuling ito
kundi ang tinawag ng Diyos tulad ni
Aaron.

5 Ganito nga si Kristo. Hindi niya
inangkin ang pagkapari para parangalan
niya ang kanyang sarili kundi ang Diyos
ang nagsabi sa kanya: *Ikaw ang aking
Anak, inianak kita ngayon.* 6 At sinasabi
ring: *Pari ka magpakailanman ayon sa
pagkapari ni Melkisedek.*

7 Nang nasa lupa pa siya, malakas na
pagdaing at mga luha ang inihandog niya
sa kanyang mga panalangin at samo sa
Diyos na makapagliligtas sa kanya sa
kamatayan. At dininig siya nito dahil sa
kanyang pitagan. 8 Bagamat siya ang
Anak, natutuhan niya sa kanyang paghi-
hirap ang pagtalima; 9 at matapos maging
lubos at ganap, siya ay naging sanhi ng
kaligtasan ng lahat ng sumusunod sa
kanya. 10 Kaya iniharap siya ng Diyos
bilang pari *ayon sa pagkapari ni
Melkisedek.*

**Maging mga guro kayo**

• 11 Mahaba at mahirap ang paliwanag
na dapat naming sabihin tungkol dito,
sapagkat hindi kayo magaling umunawa.
12 Dapat nga sana'y mga guro na kayo,
pagkatapos ng mahabang panahon, ngu-
nit kailangan pang iturong muli sa inyo
ang mga unang batayan ng aral ng Diyos.
Gatas ang kailangan ninyo ngayon, hindi
matigas na pagkain. 13 Talagang ang may
gatas pa sa labi ay hindi sanay sa aral ng
kabanalan: sanggol pa siya. 14 Para sa
mga lubos at ganap naman ang matigas
na pagkain, may mahusay na damdamin
na sila dahil sa pagsasanay, at naka-
kakilala na ng mabuti at masama.

---

Magkasingsama para sa pananampalataya ang paglimot na si Jesus ay isang tao, kasama ng mga tao at ang paglimot na siya ang Anak ng Diyos.

Makatutulong kung susuriin ang papel ni Kristo, ang Punong Pari, sa panahong ipinagugunita sa atin ng Iglesya na may kaugnayan ang lahat ng mananampalataya sa pamparing papel ni Kristo. Kakatawanin natin ang sangkatauhan sa harap ng Diyos.

Kapag ipinagdiriwang natin ang Eukaristiya, kasama ang pag-aalay natin ng ating sariling buhay, inihaharap natin sa Diyos ang lahat ng gawain at buhay ng daigdig. Sa Eukaristiya, nagpapasalamat tayo sa Diyos, sa pangalan ng bawat isa. Sa pang-araw-araw na buhay, kailangang maging kasangkapan tayo ng biyaya ng Diyos, sa pagiging mga taong nagtataguyod sa katotohanan, nagpapasulong sa pag-ibig at nagtatatag ng mapayapang pakikipag-ugnayan.

*Malakas na pagdaing at mga luha ang inihandog niya* (7). Sa Biblia, ginamit ang mga katagang ito upang ipahayag ang mapilit na panalangin ng naaaping mga anak ng Diyos: tumatawag sila sa Diyos sa napakalakas na tinig, kaya pinakinggan sila. Sa gayon, sa bisperas ng kanyang kamatayan, pinag-isa ni Jesus ang kanyang sarili, sa mga lalaki at babae na naghihirap at ayaw mamatay.

• **5.11**. *Dapat sana'y mga guro kayo*. May iba-ibang baytang sa pag-unlad ng pananampalataya. Hindi maaaring magsimula tayong muli sa mga unang hakbang. Ang manatili sa Iglesya sa loob ng mahabang panahon, at hindi magtamo ng kaliwanagan tungkol sa pananampalataya at ng higit na malawak na karanasan, ay pagtanda at pagkawala ng kakayahang umunlad.

Sa maikling paraan, sinasabi sa atin ng sulat na ito ang mga paksang batayan ng pagtuturong Kristiyano (6:1-3).

*Aral tungkol sa sari-saring binyag*, ang paliwanag sa iba-ibang relihiyosong paraang iniharap sa mga taong may mabuting kalooban at naghahanap ng kaligtasan. Ang ilang grupong Judio ay sumusunod sa pagbibinyag minsan sa isang linggo: nariyan ang binyag ni Juan, at gayundin naman, ang binyag-Kristiyano. Doon, itinuturo ang kahalagahan ng binyag-Kristiyano.

*Ang pagpapatong ng kamay* ang matandang tawag

6 1 Gayon man, hindi na namin
uulitin pa ang mga batayang aral
ukol kay Kristo. Dumiretso na tayo sa mas
ganap, sa halip na maglagay pa uli ng
mga pundasyon – pagsisisi sa mga gawa
ng kamatayan, pananampalataya sa
Diyos, 2 aral tungkol sa sari-saring binyag,
pagpapatong ng mga kamay, pagka-
buhay ng mga patay at hatol na magpa-
kailanman. 3 Ito ang gagawin namin sa
awa ng Diyos.
4 Alam nga natin na hindi na maka-
pagsisisi pang muli ang mga naliwanagan
na. Nakatikim na sila ng makalangit na
kaloob at tumanggap ng Banal na Espiritu
5 at nalasahan ang magandang salita ng
Diyos kasama ang mga kababalaghan ng
daigdig na darating. 6 Kaya hindi na sila
mapagbabago pang muli sa pagsisisi
kung mahulog sila, sapagkat sila mismo
ang muling nagpapako at lumilibak sa
Anak ng Diyos. 7 Pinagpapala ng Diyos
ang lupa na umiinom sa malimit na patak
ng ulan at nagpapasibol ng mahalagang
damo para sa mga nagtatrabaho sa
kanya. 8 Ngunit kapag nagpasibol ito ng
mga tinik at dawag, masama ito at
malapit nang isumpa. Susunugin ito sa
dakong huli.

**Manatiling matatag sa ating pag-asa**

9 Mga minamahal na kapatid, nagsa-
salita nga kami ng ganito, pero mas
mabuti naman sa palagay namin ang
inyong kalagayan: maliligtas pa kayo.
10 Hindi nakakalimutan ng makataru-
ngang Diyos ang mga ginawa ninyo sa
pag-ibig sa kanyang pangalan nang pag-
lingkuran ninyo at patuloy na pinag-
lilingkuran ang mga banal na kapatid.
11 At ito lamang ang hangad namin: na
maipakita ng bawat isa sa inyo ang gayon
ding sigla hanggang sa wakas para sa
katuparan ng ating inaasahan. 12 Huwag
na kayong magpabaya; sa halip, tularan
ninyo ang mga nagmana na ng pangako
sa pamamagitan ng pananampalataya at
pagtitiis.
13 Alam ninyo ang pangako ng Diyos
kay Abraham. Sinabi niya: "Nangako ako
at ako rin mismo ang saksi" sapagkat
wala nang mas dakila pang maaaring
sumaksi. 14 Sinumpaan niya sa kanyang
sarili: "Pagpapalain kita at bibigyan ng
maraming inapo." 15 At sa pagtitiyaga ni
Abraham, nakamit niya ang ipinangako.
16 Mas matibay ang pangako kung sina-
saksihan ito ng mas dakila pang tao, at
wala nang anumang pagtatalo kung ang
Diyos ang ginagawang saksi sa pangako.
17 Kaya ang kanyang sarili mismo ang
ginawa ng Diyos na saksi sa pangako
dahil ginusto niyang ipakita sa mga taga-
pagmana ng pangako na di magbabago
ang kanyang kagustuhan. 18 Kung gayon,
may dalawa tayong katibayan na hindi
magbabago ang Diyos at hindi sinu-
ngaling. At sapat ito upang magpalakas

sa kumpil: ang sakramento na naghahatid ng mga kaloob ng Espiritu Santo.

Sa batayang ito, kapansin-pansin ang kahalagahan ng buhay ng tao: dalawa lamang ang magkasalungat na landas patungo sa paghuhukom. Kapag hindi pinagpasyahan ng sino man ang daan patungo kay Kristo, mawawala sa kanya ang buhay.

*Ang mga naliwanagan* (4). Sa naunang Iglesya, karaniwang tinatawag na kaliwanagan ang binyag. Hindi lamang sapagkat natuturuan ang tao sa tunay na pananampalataya, kundi nagkakaloob din ang Panginoon ng panloob na pang-unawa at nagpaparanas ng kanyang presensiya sa taong pumapasok sa Iglesya pagkatapos ng isang totoong pagbabalik-loob. Malimit na gayon din ang karanasang kaloob ng Diyos sa mga taong nakikibahagi nang buong-katapatan sa mga pagsasanay na espirituwal.

Malawakang ipinaliliwanag ang nabanggit na karanasan sa 12:18-24.

*Isang angkla na inilagay sa likod ng tabing* (19). Sa Templo ng Jerusalem, tanging ang Punong Pari ang pumasok sa Kabanal-banalang lugar na inihihiwalay sa kalapit na silid ng isang tabing. Ito ang larawan ng langit, ang totoong Kabanal-banalang lugar na pinasok ni Jesus nang nag-iisa. Naiwan tayo, ngunit nasa langit na ang ating pag-asa: hindi ito ilusyon lamang ng tao, kundi isang mithiin na mula sa Diyos mismo na hindi kayang linlangin tayo. Tiyak na darating tayo sa kinalalagyan ng ating pag-asa.

ng ating loob para kumapit sa pag-asa sa
paghanap natin ng kaligtasan. 19 Ito ang
ating espirituwal na angkla, matatag at
matibay, na inilagay sa loob ng banal na
lugar, sa likod ng tabing. 20 Dito nangù-
nang pumasok si Jesus alang-alang sa
atin, at naging punong pari siya magpa-
kailanman ayon sa pagkapari ni
Melkisedek.

**Si Melkisedek, larawan ni Kristo**

**7** • 1 Sinabi nga na si *Melkisedek na
hari ng Salem at pari ng Kataas-
taasang Diyos ang sumalubong kay
Abraham sa pagbabalik nito pagkatapos
malupig ang mga hari. At binasbasan
niya si Abraham na nagbigay sa kanya
ng ikapu ng lahat.* 2 Pansinin natin na Hari
ng Kabanalan ang ibig sabihin ng Mel-
kisedek; at hari siya ng Salem, na ibig
sabihi'y hari ng Kapayapaan. 3 At walang
binabanggit na ama o ina o ninuno niya;
walang pinagmulan ang kanyang mga
araw at walang katapusan ang kanyang
buhay. Sa gayon nailalarawan niya ang
Anak ng Diyos na pari magpakailanman.

4 Tingnan ninyo kung gaano siya kadakila!
Ibinigay sa kanya ng ninunong Abraham ang
ikapu ng mga samsam. 5 Sa paghirang sa mga
anak ni Levi bilang mga pari, iniuutos sa kanila
ng Batas na tumanggap ng ikapu sa bayan, sa
kanilang mga kapatid na kalahi rin ni Abraham.
6 Ngunit dito, ang tumatanggap ng ikapu mula
kay Abraham ay di niya kalahi; siya rin ang
nagbasbas kay Abraham na siyang pinanga-
kuan ng Diyos. 7 Tiyak na ang mataas ang
nagbabasbas sa mababa. 8 Sa ngayon mga
taong may kamatayan ang tumatanggap ng
ikapu; ngunit dito'y ipinapalagay na buhay si
Melkisedek. 9 Nang magbayad si Abraham, pa-
rang nagbayad na rin si Levi, 10 sapagkat nasa
kanyang ninuno siya nang salubungin siya ni
Melkisedek.

11 Ang pagkapari ng mga Levita ang naghatid
ng Batas sa hinirang na bayan ngunit hindi sa
kanila galing ang ganap na kabanalan. Kung sa
kanila nga, bakit may iba pang pagkaparing
itinadhana *ayon sa pagkapari ni Melkisedek* sa
halip ng pagkapari ni Aaron? 12 At kung pina-
palitan ang pagkapari, kailangang palitan din
ang Batas. 13 Ang tinutukoy namin na si Jesus ay
galing sa ibang tribu na kailanma'y di nagling-
kod sa altar. 14 Alam natin na taga-Juda ang
ating Panginoon, at hindi binabanggit ni Moises
ang tribung ito sa pagsasabi niya tungkol sa mga
pari.

15 Mas mauunawaan ang lahat ng ito dahil
may ibang paring hinihirang tulad ni
Melkisedek, 16 at hindi sa bisa ng isang kautusan
ng tao, kundi sa lakas ng buhay na walang
kamatayan. 17 Pinatototohanan nga na: *Pari ka
magpakailanman ayon sa pagkapari ni
Melkisedek.*

18 Inaalis ang dating Batas dahil mahina nga't
wala nang silbi. 19 Walang nagawang lubos at
ganap ang Batas kundi paghahanda lamang ito
para sa magandang pag-asa: na makalalapit
tayo sa Diyos.

20 Narito pa rin ang sinumpaan ng Diyos.
Walang sinumpaang anuman para sa dating
pagpapari, 21 ngunit may sinumpaan naman
para sa kanya: *Nanumpa ang Panginoon at
hindi siya magsisisi: Pari ka magpakailanman.*
22 Kaya isang mas mabuting tipan ang inihatid ni
Jesus. 23 Marami ang mga naging pari noon
dahil namamatay sila at hindi nananatili. 24 Ngu-
nit hindi naman maaalis ang pagkapari ni Jesus
dahil nananatili siya magpakailanman. 25 Dahil
dito, naililigtas niya magpakailanman ang mga
lumalapit sa Diyos sa tulong niya; buhay siyang
lagi upang ipagdasal sila.

---

• **7.**1 Ipinagpapatuloy dito ang sinasabi tungkol kay Melkisedek, na isang larawan ni Kristo (tingnan ang Gen 14:18 at ang Slm 110:4). Huwag nating kalilimutan na sadyang iniuukol ang sulat na ito sa mga paring Judio, na mga inapo ni Aaron, na mga pari sa bawat salinlahi. Kaya kinailangang ipakita sa kanila na wala ng bisa ang pagsambang Judio at ipinahayag ng Banal na Kasulatan ang gayong pagbabago. Maliit talaga sa Biblia ang talata tungkol kay Melkisedek at maaari nating hangaan kung paano sinisiyasat ang pangyayaring iyon upang mapatunayan nang di masasalungat na katwiran na kailangang baguhin ni Kristo ang buong relihiyon ng Israel. Sinabi natin sa introduksyon na maaaring isinulat ang liham na ito ni Apollos, isang propeta ng naunang Iglesya. Lantad dito ang kakayahang angkop sa propeta.

Ang Matandang Tipan ang batayan ng kasulatan sa naunang Iglesya. Gayunman, maliwanag na hindi binanggit ng aklat na ito si Jesus at maraming Judio ang naniwala, nang buong-katapatan, na sinisira ni Kristo ang itinuturo ng Biblia. Naging gawain ng mga propetang Kristiyano ang pagpapakita kung paanong itinu-

26 Ganito nga ang punong paring kailangan natin: banal, walang kasalanan o kapintasan, ibinukod sa mga makasalanan at naging mas mataas pa sa kalangitan.
27 Hindi siya katulad ng mga punong pari na kailangang mag-alay muna ng handog araw-araw para sa kanilang kasalanan, at saka lamang para sa bayan. Ito ay ginawa niya nang minsanan nang ialay niya ang sarili.
28 Mga taong may kahinaan ang itinalaga ng Batas bilang mga punong pari, ngunit ganap magpakailanman ang Anak sa pagtatalagang sinumpaan ng Diyos pagkaraan ng Batas.

**Bagong santuwaryo at bagong tipan**

**8** • 1 Ito ang buod ng aming sinasabi: tayo ay may punong pari na nakaupo sa kanan ng Dakilang Diyos sa langit.
2 Siya ang naglilingkod doon sa pagsamba sa tunay na banal na toldang itinayo ng Panginoon at hindi ng tao.

3 Hinihirang ang punong pari para mag-alay ng mga hain at sakripisyo. Kaya kailangan din ni Jesus na magkaroon ng maiaalay.
4 Kung nasa lupa siya, hindi sana siya naging pari, samantalang marami ang nag-aalay alinsunod sa Batas.
5 Ngunit larawan at anino lamang ng mga makalangit ang kanilang pinaglilingkuran; ito ang sinabi kay Moises nang kinailangan niyang itayo ang banal na tolda: *Dapat mong gawin ang lahat ayon sa huwarang ipinakita sa iyo sa bundok.*

6 Iba at mas dakila ngayon ang paglingkod ukol sa pagsamba na tinanggap ni Jesus dahil siya ang tagapamagitan ng mas mabuting tipang itinatag sa mas mabuting mga pangako.
7 Kung walang kapintasan nga ang unang tipan, wala sanang lugar para sa ikalawa.
8 Ngunit pintas ito sa una nang sabihing:

*Parating na ang mga araw – salita ng Panginoon – na magtatatag ako ng isang bagong tipan para sa sambahayan ng Israel at para sa angkan ng Juda.*

9 *Hindi katulad ng tipang ginawa ko sa kanilang mga ninuno nang akayin ko sila at ilabas mula sa Ehipto. Hindi nga sila nanatili sa aking tipan kaya pinabayaan ko rin sila – salita ng Panginoon.*

10 *Ito naman ang itatatag kong tipan sa sambahayan ng Israel pagkatapos ng mga araw na ito: Ilalagay ko ang aking mga utos sa kanilang kalooban at iuukit ko ang mga ito sa kanilang puso. At magiging Diyos ako sa kanila, at magiging bayan ko naman sila.*

11 *Hindi na magtuturo ang bawat isa sa kanyang kababayan o magsasabi kaya sa kanyang kapatid: Kilalanin mo ang Panginoon. Sapagkat makikilala ako ng lahat, mula sa maliit hanggang sa mataas.*
12 *Patatawarin ko ang kanilang mga kasamaan at hindi na aalalahanin ang kanilang kasalanan.*

---

turo ng Biblia si Kristo, at pagsalungat sa mga Judio: ipinagkaloob nila sa Iglesya ang pagkaunawang Kristiyano sa Matandang Tipan. Kapag binabasa ngayon ng mga Kristiyano ang Matandang Tipan, nakikita nila roon ang kanilang sariling kasaysayang Kristiyano, samantalang iba ang tingin ng mga Judio, na iyon ay ang "aklat ng mga Judio". Para sulatin ang mga pahinang ito na naglalantad sa higit na malalim na kahulugan ng Matandang Tipan, hindi sapat na maunawaan ang Banal na Kasulatan; kailangan din ng kaloob na pagpopropesiya.

• **8.1** Ang *lahat ng sakripisyong* ito upang palubagin ang poot ng Diyos ay dahil inakala nilang marahas ang Diyos at nagpaparusa, ngunit hindi gumagamot ng puso.

Taglay ni *Jesus ang iba at mas dakilang paglilingkod* (6) na angkop sa mga taong nakaaalam na makipagkasundo sa Diyos. Nagdadala ng kapayapaan ang sakripisyo ni Jesus, hindi sa mga kaluluwa lamang kundi sa daigdig. Pinararatangan man tayo ng ilan na nakikialam tayo sa pulitika kapag ipinakikita natin ang pangangailangan sa katarungan at kapayapaan, kailangan pang igiit natin na iyon ang ating misyon. Namatay si Jesus, hindi upang ipagtanggol ang kaugalian ng relihiyon; sa halip, ipinakita niya na hindi nga iyon ang mahalaga. Ang kanyang kusang pagsasakripisyo ang nagbibigay-liwanag sa lahat ng bagay na ginagawa natin upang masugpo ang karahasan, kawalang-katarungan at ang paglayo ng damdamin.

Ngunit napapaloob din sa bagong pagsambang ito ang higit na maliwanag at mapagmahal na pakikitungo sa Diyos: ang pag-ibig na nagmumula sa kanya at bumabalik sa kanya ang ugat ng lahat ng ating gawa.

13 Sinasabing *bagong* tipan, kaya luma
na ang una; at palapit na sa paglalaho ang
luma.

**Ang templo sa Jerusalem**

9 • 1 Sa unang tipan, may mga
kautusan sa pagsamba sa templo
dito sa lupa. 2 Itinayo ang unang silid, at
naroon ang kandelabra at ang mesa para
sa mga tinapay na nasa harap ng Diyos.
Tinatawag itong banal na lugar. 3 Sa
kabila naman ng ikalawang tabing ay may
isa pang silid na tinatawag na kabanal-
banalang lugar. 4 Naroon ang altar na
ginto para sa insenso at ang Kaban ng
Tipan na balot sa ginto sa kabuuan nito.
Nasa Kaban ang manna sa gintong
lalagyan nito, ang tungkod ni Aaron na
namulaklak at ang mga tapyas na bato ng
Tipan. 5 Nasa ibabaw naman ang mga
kerubin ng Kaluwalhatian na lumulukob
sa lugar ng kapatawaran. Hindi ko na iisa-
isahin pa ang lahat ng ito.
6 Kaya nga laging nakapapasok ang
mga pari sa unang silid sa anumang
panahon upang isagawa ang banal na
paglilingkod. 7 Sa ikalawa naman, minsan
isang taon lamang pumapasok ang
punong pari, at dapat ay dala niya ang
dugong iaalay para sa sariling mga
kasalanan at ng bayan. 8 Sa gayon itinuro
sa atin ng Banal na Espiritu na hindi bukas
ang daan sa banal na lugar habang
nananatili pa ang unang silid. 9 Maka-
hulugan ito para sa kasalukuyan: wala sa
mga hain at handog na iniaalay ang tunay
na kaganapan ng sumasamba. 10 Tuntu-
ning-laman lamang ang mga ito ukol sa
pagkain at inumin at sari-saring paglilinis;
at may bisa lamang hangga't hindi pa
binabago ang lahat.

**Pumasok si Jesus dala ang sariling dugo**

• 11 Si Kristo naman ang punong pari
ng mabubuting bagay na dumarating, at
pumasok siya sa mas dakila at mas
ganap na banal na tolda na hindi galing sa
kalikasan o gawa kaya ng tao. 12 At hindi
dahil sa dugo ng mga kambing at mga

---

• **9.**1 Pagkatapos mapatunayang hinahalinhan ni Jesus ang mga paring Judio, mayroon tayong mahabang paghahambing sa uri ng kanilang pagsamba at sa pagsambang ipinagdiriwang ni Kristo.

Sa Matandang Tipan, may mga ritwal at paghahandog araw-araw ang templo ng mga Judio na layunin nito ang pagtatamo ng kapatawaran sa mga kasalanan. Kay Jesus naman nagsisimula ang Bagong Tipan na ipinahayag ni Jeremias.

Binuo ng awtor ng sulat na ito ang isang paghahambing sa kamatayan ni Jesus at ang mga dating paghahandog. Ngunit di-tulad ang Pasyon ni Jesus ng matatandang paghahandog, upang palubagin ang poot ng Diyos. Ang kanyang kamatayan ay ang kanyang pangwakas na pagpapatotoo at ang paraan upang ihasik niya sa mga tao ang ayaw tanggapin ng mga ito.

Dahil kilala natin kung sino ang awtor ng sulat na ito at kung kanino ipinatutungkol, nauunawaan natin na iniuugnay niya ang *dugo* ni Jesus at ang kanyang *kamatayan* sa mga biktima na ginawang handog sa Templo, sapagkat sa kanila, lubhang mahalaga ang mga bagay na ito. Ngunit sa panahong ito, karapatan nating iugnay ang dugo at kamatayan ni Kristo sa kamatayan ng lahat ng walang-malay na pinatay, gaya ng ipinahiwatig ni Jesus (Mt 23:35): banal din ang kanilang dugo (Pag 6:9).

Sinabi ng awtor na si Jesus ay *pumasok sa bisa ng sariling dugo*, (b. 12) samantalang ang tao ay inihahandog ang iba. *Nagdaan siya sa mas dakila at mas ganap na santuwaryo* at sa pamamagitan nito ay dumating si Jesus upang ibahaging muli ang luwalhati ng Ama (Jn 17:5).

• 11. *ANG KAISA-ISANG PARI*

*Pumasok siyang dala ang sariling dugo.* Tangi ito sa Kristiyanong pagkapari. Hindi binabanggit ng sulat ang mga paring Kristiyano. Si Jesus lamang ang naghandog ng kaisa-isang sakripisyo na naglilinis sa atin mula sa kasalanan. Siya lamang ang pumasok sa misteryo ng pari-Diyos na buhay, na di maaabot ng tao.

Sa unang Iglesya, hindi kailanman tinawag na "mga pari" ang "matatanda" at ang "mga tagapamahala" (o "mga obispo") na namahala sa mga pamayanan at namuno sa pananalangin at eukaristiya – at nagbigay ng iba pang sakramento. Ang dahilan nito'y sa kapwa mga relihiyong Judio at Griyego, ang mga pari ay mga taong may takdang lugar sa lipunan, kabilang sa lahi o piling grupong panlipunan, at itinuturing na nakatalaga para sa pagsambang pormal at sakripisyo.

Ang mga Kristiyanong pagdiriwang naman, sa halip, ay nagpahayag ng buhay ng mga pamayanang tinipon sa kani-kanilang bahay, at walang panlabas na pagkakaiba ang mga ministro sa iba pang mga

baka, kaya siya nakapasok sa banal na
lugar kundi sa bisa ng kanyang sariling
dugo; kaya natagpuan niya ang katubu-
sang walang paglipas. 13 Nagpapabanal
para sa panlabas na paglilinis ang dugo
ng mga kambing at mga toro, at ang abo
ng dumalagang baka na iniwisik sa maru-
rumi. 14 Gaano pa ang dugo ni Kristo!
Walang dungis niyang inialay sa Diyos
ang sarili sa bisa ng Banal na Espiritu,
kaya lilinisin ng kanyang dugo ang ating
mga konsiyensya mula sa mga gawa ng
kamatayan upang makapaglingkod tayo
sa Diyos na buhay.

15 Kaya siya ang tagapamagitan ng
isang bagong tipan o testamento. Nama-
tay nga siya para sa katubusan ng mga
paglabag sa unang tipan, upang ma-
tanggap ng mga hinirang ang pangako ng
buhay na walang hanggan. 16 Kung may
testamento, kailangan munang mamatay
ang gumawa nito. 17 Wala itong bisa
habang buhay pa ang gumawa nito at
nakasalalay ito sa mga patay.

18 Dahil dito, ang unang tipan man ay
pinasinayaan din sa dugo. 19 Sinabi nga ni
Moises sa buong bayan ang lahat ng
iniutos ng Batas; kinuha niya ang dugo ng
mga baka at ang tubig na may pulang
lana at kahoy na isapo, at saka winisikan
ng dugo ang aklat at ang buong bayan.
20 At sinabi niya: *Ito ang dugo ng tipang
iniutos sa inyo ng Diyos.* 21 At winisikan
niya ng dugo pati ang banal na tolda at
lahat ng sagradong kagamitan. 22 Ayon
naman sa Batas, sa dugo nililinis ang ha-
los lahat; walang pagbabayad-sala na
walang pagbubuhos ng dugo.

23 Kung sa ganitong paghahandog
kailangang linisin ang mga larawan ng
mga makalangit na bagay, sa mas
mainam naman ang mga makalangit
mismo. 24 Sapagkat hindi gawa ng kamay
ng tao ang banal na lugar na pinasukan ni
Kristo, at hindi larawan lamang ng tunay
na templo. Sa langit siya pumasok upang
humarap sa Diyos alang-alang sa atin.
25 Hindi niya kailangang paulit-ulit na ialay
ang sarili, di tulad ng punong pari na
pumapasok taun-taon at hindi niya sari-
ling dugo ang dala. 26 Kung magka-
kagayon, maraming beses sana siyang
nagdusa mula sa pagkatatag ng mundo!
Minsan nga lang siya nagpakita sa
kaganapan ng mga panahon, upang alisin
ang kasalanan sa bisa ng paghahandog
ng kanyang sarili.

---

binyagan. Hindi sila bumuo ng mga natatanging grupo, at alam natin ang mahigpit na mga salita ni San Hippolito ng Roma nang tuligsain niya ang kapalaluan bilang siyang dahilan kaya nagsusuot ang ilang pari ng iba kaysa iba.

Itinuturo sa atin ng Bagong Tipan na nakikibahagi ang lahat ng Kristiyano sa pagkapari ni Kristo. Tingnang mabuti ang 1 Pedro 2:1-10. Si Jesus lamang ang pari, ngunit makaparing bayan tayo. Ang lahat ng taglay ni Kristo ay atin o kailangang mapasaatin, kahit papaano. Si Jesus ay sabay-sabay na pari, propeta at hari. Kaya bayang makapari, makapropeta, at makahari ang mga Kristiyano.

Ngunit malinaw na di lahat ng Kristiyano ay nakikibahagi, sa parehong antas, sa pagkapari, propetismo at pagkahari ni Kristo. Palagiang ipinangangaral ng Iglesya na ang pakikibahagi natin sa pagkapari ni Kristo ay nababatay muna sa pakikipag-ugnay at paglilingkod natin sa Katawan ni Kristo: ang Katawang ito ay sabay na ang Iglesya at ang itinalagang tinapay at dugo sa Eukaristiya (1 Cor 11:29). Kaya nakikibahagi sa pagkapari ni Kristo sa natatanging paraan ang mga may ministeryo ng pamamahala sa pamayanan (at dahil dito, ang pamamahala sa pagdiriwang ng eukaristiya). Sa natatanging paraan, ang "pagpapari ayon sa ministeryo" ay angkop sa obispo na ulo ng Iglesyang lokal at huwaran ng kanyang bayan.

Pagkatapos, nang dumami ang mga Kristiyano at mas naging organisado ang Iglesya, ang Matatanda ang unti-unting itinuring ng marami na kahalili ng mga Judiong pari. Kaya tinawag silang mga pari na waring isang pang-kat na mas mataas kaysa mga karaniwang bininyagan at may kapangyarihan sa mga "banal na bagay."

Alam nating sa bawat siglo, nababatay ang Iglesya sa kultura ng panahon nito, sa mga pangangailangan ng Iglesyang lokal, sa kamalayan ng mga binyagan, at sa bigat ng mga istrukturang pangkleriko. Ngunit kung pahahalagahan natin ang salitang "pari," hinding-hindi nito pangangatwiranan ang anumang karapatan o kapangyarihan. Sa Bagong Tipan, ang tinutukoy lamang nito'y pag-aalay ng sarili tulad ni Jesus na laging nangangailangan, sa apostolikong gawain, ng kusang-loob na karukhaan.

27 Minsan lamang mamatay ang mga
tao, at pagkatapos ay may paghuhukom.
28 Gayon din naman si Kristo; minsan
lamang siya inialay upang alisin ang mga
kasalanan ng marami; at sa ikalawa
niyang pagpapakita, hindi na ito alang-
alang sa kasalanan kundi para iligtas ang
mga naghihintay sa kanya.

**Nilalarawan ng lumang tipan ang bago**

**10** • 1 Anino lamang ng mga para-
ting na mabubuting bagay ang
taglay ng Batas, at hindi ang tunay na
anyo ng mga banal na bagay. Kaya taun-
taon, gayo't gayon pa rin ang iniaalay na
mga handog, ngunit kailanma'y di nag-
hatid ng kaganapan sa mga sumasamba.
2 Kung nalilinis nang minsanan lamang
ang mga sumasamba, hindi na sana sila
magkakaroon ng makasalanang konsi-
yensya at hindi na sila mag-aalay. 3 Ngunit
sa paghahandog nila, inaalaala nila taun-
taon ang mga sala 4 na hindi naaalis ng
dugo ng mga toro at mga kambing.
5 Kaya pagpasok ni Kristo sa daigdig,
sinasabing: *Handog at hain ay hindi mo
inibig, at iginawa mo ako ng katawan.*
6 *Hindi mo kinalugdan ang mga sinunog
na handog at hain sa kasalanan.* 7 *Kaya
sinabi ko: Narito ako. Ako ang tinutukoy
ng talata sa aklat, at tutuparin ko, O
Diyos, ang iyong kalooban.*
8 Sinabi niya sa simula: *Hindi mo inibig
o kinalugdan ang mga handog at mga
hain, at mga sinunog na handog at hain
sa kasalanan,* at ito talaga ang iniaalay
ayon sa Batas. 9 *Kaya,* kanyang sinabi,
*narito ako upang tuparin ang kalooban
mo.* Sa pagsasabi niya nito, inaalis niya
ang una at binibigyang-bisa ang ikala-
wang kalooban. 10 Bunga ng *kaloobang*
ito, ginagawa tayong banal nang minsa-
nan, sa pag-aalay ng katawan ni Kristo.
11 Araw-araw na naglilingkod sa pag-
samba ang karaniwang pari at paulit-ulit
na nag-aalay ng pare-parehong mga
handog na di kailanman makapag-aalis
ng kasalanan. 12 Ngunit minsan lang
inialay ni Kristo ang isang hain sa kasa-
lanan *at naluklok sa kanan ng Diyos*
magpakailanman. 13 At ngayo'y naghi-
hintay siya hanggang *maipailalim ang
kanyang kaaway sa kanyang mga paa.*
14 Sa iisa nga niyang pag-alay na ito, ini-
hahatid niya sa kaganapan ang mga
pinabanal. 15 Pinatototohanan din ng Ba-
nal na Espiritu ang sinasabi namin.
Sapagkat sinasabi niya:
16 *Ito ang itatatag kong tipan* sa kanila
*pagkatapos ng mga araw na ito – sabi ng
Panginoon – Ilalagay ko ang aking mga
kautusan sa kanilang puso at iuukit ko
ang mga ito sa kanilang kalooban.* 17 At
idinagdag pa niya: *Hindi na aalalaha-
nin ang kanilang mga kasalanan at kasa-
maan.* 18 Kaya kung pinatatawad ang
mga ito, wala nang hain pa para sa kasa-
lanan.

---

• **10**.1 *Kung nalilinis nang minsanan* ang mga sumamba (2). Ipinahahayag ng awtor, na kung maraming paghahandog para sa kapatawaran, hindi sila makapagpapalaya sa kasalanan. At ngayon, kung malimit na kailangan nating mangumpisal, halimbawa, angkop bang itanong: hindi ba ito ang katunayan na hindi tayo lubusang napalaya ng paghahandog ni Kristo?

Maaari itong sagutin sa iba-ibang paraan:

Sa isang panig, bagamat tinatanggap natin nang malimit ang pagpapatawad, lagi tayong nakikinabang sa iisang paghahandog ni Kristo.

Higit sa lahat, kailangang igiit natin na malaya sa kasalanan ang mga Kristiyano sapagkat malaya sila sa pagiging alipin ng kasalanan. Sinasabi ni Juan (1 Jn 3:6) na hindi nagkakasala, o hindi maaaring magkasala ang na kay Kristo. At binabanggit niya ang kasalanang magbubulid sa kamatayan (1 Jn 5:17), sapagkat mayroon ding mga kasalanang nagagawa natin na hindi tayo ibinubulid sa kamatayan.

Ang pagsira lamang natin sa tiwala at pag-ibig o sa ating mahalagang komitment ang maghahatid sa atin sa pinagmulang katayuan. Magkakamali ang mga malimit na lumalapit sa sakramento ng kumpisal kung iisiping nawawala sa kanila ang pakikipagkaibigan ni Kristo mula sa isang kumpisal hanggang sa susunod.

**Manalig sa Diyos**

• 19 Kaya, mga kapatid, tiyak na maka-
papasok tayo sa banal na lugar sa bisa ng
dugo ni Jesus. 20 Siya ang nagpasinaya para
sa atin ng isang bago at buhay na daan na
tumatagos sa tabing – sa kanyang katawan.
21 Dahil may dakilang pari tayo para sa
bahay ng Diyos, 22 pawisikan natin ang mga
makasalanan nating konsiyensya at
maglinis tayo ng katawan sa dalisay na
tubig para makalapit nang may pusong
tapat at malaking pananalig. 23 Tapat ang
nangako, kaya huwag tayong mag-atubili
sa pag-ako sa ating pag-asa. 24 At alamin
natin kung paano mahihigitan ang isa't isa
sa pag-ibig at mabubuting gawa. 25 Huwag
pabayaan ang ating mga pagtitipon, gaya
ng inuugali ng ilan; sa halip, pasiglahin natin
ang isa't isa, lalo na't nakikita ninyong
nalalapit na ang Araw.

26 Kung kinusa na nating patuloy na
magkasala pagkatanggap natin ng tunay
na kaalaman, wala nang hain para sa
kasalanan na makasasagip pa sa atin
27 kundi ang tanging maaasahan ay ang
kakila-kilabot na hatol at naghihiganting
apoy na *uubos sa mga kaaway.* 28 Sa
patotoo ng dalawa o tatlong saksi, wa-
lang-awang pinapatay ang lumabag sa
batas ni Moises. 29 Ano pa kaya kung
yurakan ang Anak ng Diyos at lapas-
tanganin ang dugo ng Tipan – ang dugo
na nagpabanal sa atin – at laitin pati ang
Espiritu ng pag-ibig? Gaano kasahol kaya
sa palagay ninyo ang parusa? 30 Kilala
natin ang nagsabing: *Sa akin ang paghihi-
ganti; ako ang maniningil,* at: *Hahatulan
ng Panginoon ang kanyang bayan.*
31 Kakila-kilabot ang mapasakamay ng
Diyos na buhay!

32 Alalahanin din ninyo ang mga unang
araw matapos kayong maliwanagan:
naging matatag kayo laban sa mga paghi-
hirap. 33 Hiniya at pinarusahan kayo nang
lantaran, at nakiramay din kayo sa
pagtitiis ng mga dumanas nito. 34 Nag-
dusa kayong kaisa ng mga nakabilanggo;
buong galak din ninyong ipinaaagaw ang
inyong mga ari-arian dahil alam ninyo na
kayo'y may mas maganda at mas maa-
asahang kayamanan. 35 Huwag masiraan
ng loob sapagkat may malaking gantim-
pala ito. 36 Kailangan ninyong magtiis sa
pagtupad ng kalooban ng Diyos para
makamit ang ipinangako.

37 Sapagkat *sandaling-sandali na lang
at darating na ang dumarating at di siya
maaantala.* 38 *Sa pananampalataya
mabubuhay ang aking matuwid; ngunit
kung tatalikod siya, kalooban ko'y di na
malulugod sa kanya.*

39 Hindi nga tayo kabilang sa mga tuma-
talikod at napapahamak, kundi sa mga
may pananampalataya at nagkakamit ng
kaligtasan para sa kanilang kaluluwa.

**Pag-alaala sa mga bayani ng pananampalataya**

**11** • 1 Ang pananampalataya'y pag-
kapit sa inaasahan, katiyakan sa
mga di nakikita. 2 Dahil dito kaya pinupuri
ang mga nauna sa atin.

---

• 19. *Tiyak na makapapasok tayo.* Upang mahimok ang mga nag-aalinlangan, lubhang kailangang pukawin ang kanilang pagtitiwala sa Diyos Ama.

*Huwag pabayaan ang ating mga pagtitipon* (25). Malubhang pagkukulang ang pagpapabaya sa pagdiriwang kung Linggo, o sa kalipunan ng pamayanan na kinabibilangan natin. Nagkakawatak-watak ang pamayanang Kristiyano na hindi grupo ng mga anghel, kung minsan-minsan lamang dumadalo ang mga kasapi. At tayo, sapagkat hindi mga anghel, ay magiging mahirap ang ating pakikipag-isa kay Kristo, kung hindi tayo makikibahagi sa isang pamayanan. Kapag nawala ang ating pakikipag-ugnayan sa ating mga kapatid sa pananampalataya, nanganganib mawala ang kahulugan ng ating misyon. Walang pakikipagkaisa sa ating kapitbahay o kasamahan sa gawain ang magpapagunita sa atin, na sa piling nila, tayo ang saksi sa isang bagay na hindi nila alam.

*Sandaling-sandali na lang* (37). Sinipi ito sa Habakuk 2:3, na tumutukoy sa paghuhukom ng Diyos na palapit na. Maaaring gustong ipahiwatig ng awtor ng sulat ang kagipitan, na malapit nang magwasak sa bansang Judio.

• **11.**1 *Ang pananampalataya ay pagkapit sa inaasahan, katiyakan sa mga di-nakikita.* Ang mga

3 Sa pananampalataya natin nauuna-
waan na inayos ng salita ng Diyos ang
mga yugto ng paglikha; na sa di-nakikita
galing ang nakikita.

4 Dahil sa pananampalataya ni Abel,
mas pinahalagahan ng Diyos ang handog
niya kaysa handog ni Cain. Sa pama-
magitan ng mga alay ni Abel, pinatoto-
hanan siya ng Diyos, at ito ang patotoo na
matuwid siya. At dahil sa pananam-
palataya, *sumisigaw* pa rin si Abel pagka-
matay niya.

5 Dahil sa pananampalataya ni Enoc,
inilipat siya sa itaas sa halip na mama-
tay: *hindi na siya nakita pa dahil sa
inilipat siya ng Diyos.* Pinatototohanan na
kalugud-lugod siya sa Diyos bago siya
inilipat, 6 at walang makapagbibigay-
lugod sa Diyos kundi iyong may pana-
nampalataya. Wala ngang makalalapit sa
Diyos kung hindi siya naniniwala na may
Diyos na siyang nagbibigay-gantimpala
sa mga naghahanap sa kanya.

7 Sa pananampalataya, ibinunyag ng
Diyos kay Noe ang mga bagay na di pa
nakikita at pinakinggan niya ito. Kaya
gumawa siya ng barko upang iligtas ang
kanyang sambahayan; hinatulan ng
pananampalatayang ito ang mundo at
minana naman niya ang kabanalang
galing sa pananampalataya.

8 Sa pananampalataya, sumunod si
Abraham pagkatawag sa kanya, at
pumunta sa lupaing magiging kanya.
Sapagkat umalis siya nang hindi nalala-
man ang pupuntahan. 9 Sa pananampala-
taya, nagpalakad-lakad siya sa lupang
pangako na hindi kanya. Sa tolda nga siya
tumira gaya nina Isaac at Jacob na mga
tagapagmana rin ng pangakong ito.
10 Ang hinihintay niya ay ang lunsod na
may matibay na pundasyon, na ang Diyos
ang nagplano at nagtayo. 11 Sa pananam-
palataya, binigyan siya ng kakayahang
magkaanak – gayong matanda na siya at
baog pa si Sara – dahil pinaniwalaan niya
ang nangako sa kanya. 12 Kaya mula sa
iisang tao lamang na naupos na, isinilang
ang *napakarami gaya ng mga bituin sa
langit, gaya ng di-mabilang na buhangin
sa tabing-dagat.*

13 Namatay silang lahat nang may
pananampalataya. Hindi nga nila nakamit
ang pangako kundi nakita lamang ito at
ikinagalak sa malayo; kaya inamin nila na
mga dayuhan sila at pagala-gala sa
lupain. 14 Ipinapakita nga ng mga nagsa-
sabi nang ganito na naghahanap sila ng
sariling lupain. 15 Kung ang lupang
pinanggalingan nila ang kanilang naala-
ala, makababalik sana sila. 16 Pero hindi.
Sapagkat ang pinanabikan nila'y mas
maganda – ang makalangit na bayan.
Kaya hindi ikinahiya ng Diyos na tawa-
ging Diyos nila: ipinaghanda nga niya sila
ng isang lunsod.

17 Sa pananampalataya, nang subukin
si Abraham, inialay niya si Isaac; inihan-

---

piniling halimbawa sa pahinang ito at ang mga aral na hinugot sa bawat isa, ay iniuukol, lalo na, sa mga inuusig na mananampalataya na napilitang tumalikod sa kanilang matahimik na buhay upang manatiling matapat sa Diyos.

*Hindi lamang paninindigan ang pananampalatayang Kristiyano. Umaakay ito sa isang uri ng buhay na batay sa pananampalataya, sa gitna ng mga paghihirap at kabalisahan. Higit na mahalaga ang pagkilos at pagpapasya na pinupukaw ng pananampalataya kaysa malaman ang depinisyon ng pananampalataya at pag-asa. Iyon ang dahilan kung bakit ipinakikilala rito ni Pablo ang napakaraming halimbawang Biblikal ng mga lalaki at babaeng isinapanganib ang lahat-lahat alang-alang sa kanilang pananampalataya. Hindi natin maiintindihan ang dakilang pagsunod at pagtitiwala ni Abraham sa Diyos "laban sa lahat ng pag-asa", nang walang pananampalataya. Hindi natin mauunawaan ang pagtalikod ni Moises sa isang maginhawang kinabukasan at ang pagsasabalikat ng isang imposibleng gawain bilang lider ng kanyang bayan, maliban kung ang kanyang pananampalataya ay napakatibay upang mabuhay sa kasalukuyan "na waring nakikita ang di-maaaring makita."*

*Para siyang nakatingin sa isang di-nakikitang galit* (27). Pinupukaw tayo ng pananampalataya upang kumilos sa kasalukuyan, nang nakatuon sa hindi pa nakikita. Sa talatang ito, tinutukoy ang mga lider, mga lalaking matibay ang loob at malakas. Sa pag-

dog ang bugtong na anak na siya sanang
dapat tumanggap sa ipinangako, 18 ayon
sa sinabing: *Mamanahin ng lahi ni Isaac
ang iyong pangalan.* 19 Naisip nga talaga
ni Abraham na maibabangon ng Diyos
ang mga patay kaya nabawi niya si Isaac.
Makahulugan nga ito.

20 Sa pananampalataya, ibinigay ni
Isaac kina Jacob at Esau ang basbas ukol
sa hinaharap. 21 Sa pananampalataya
binasbasan ng nag-aagaw-buhay na si
Jacob ang bawat anak ni Jose: *Yumuko si
Jacob na nakasandig sa kanyang
tungkod at sumamba.* 22 Sa pananampala-
taya, bago namatay si Jose, ipinaalaala
niya sa mga anak ng Israel ang tungkol sa
paglabas nila mula sa Ehipto at inutusan
sila tungkol sa kanyang mga buto.

23 Sa pananampalataya, pagkapanga-
nak kay Moises, tatlong buwan siyang
itinago ng kanyang mga magulang;
nakita nila na maganda ang sanggol kaya
hindi sila natakot sa kautusan ng hari.
24 Sa pananampalataya rin, paglaki ni
Moises, tinanggihan niya na ituring siyang
anak ng babaeng anak ni Paraon. 25 At
mas ginusto niyang maghirap kasama ng
bayan ng Diyos kaysa pansamantalang
aliw na dulot ng kasalanan. 26 Mas maha-
lagang yaman para sa kanya ang hama-
king kasama ni Kristo kaysa mga yaman
ng Ehipto. Sapagkat sa gantimpala ng
Diyos siya nakatingin. 27 Sa pananampa-
lataya, iniwan niya ang Ehipto nang hindi
natatakot sa galit ng hari. Para siyang
nakatingin sa isang di-nakikitang galit,
kaya siya laging matatag.

28 Sa pananampalataya, naghandog
siya ng Paskuwa at nagwisik ng dugo
upang huwag mapinsala ng Manlilipol ang
kanilang mga panganay. 29 Sa pananam-
palataya, dumaan sila sa Dagat na Pula na
parang tuyong lupa na lumamon naman
sa mga Ehipsiyong sumubok dito.

30 Sa pananampalataya, bumagsak ang
mga pader ng Jerico matapos libutin ito
nang pitong araw. 31 Dahil sa pananampa-
lataya ng babaeng bayaran na si Rahab,
hindi siya namatay kasama ng mga di-
naniwala, sapagkat tinanggap niya nang
mabuti ang mga espiya.

32 Ano pa ang masasabi ko? Wala
akong panahon para isalaysay ang tung-
kol kina Gideon, Barak, Samson, Jefte,
David at Samuel, at pati sa mga propeta.
33 Sa pananampalataya, nalupig nila ang
mga bansa, naggawad ng katarungan,
nakamit ang mga ipinangako, isinara ang
bibig ng mga leon, 34 nagpalamig sa apoy,
naligtas sa tabak, gumaling sa sakit,
nagpakabayani sa labanan, nagpaurong
sa mga dayuhan.

35 Nabawi ng ilang babae ang kanilang
mga patay sa pagkabuhay na muli, ngunit
may iba na dahil sa mas dakilang pagka-
buhay ay tumangging iligtas ang kanilang
sarili nang sila'y pinahirapan. 36 Dumanas
ang ilan ng panunuya at mga hampas;
ikinadena at ibinilanggo naman ang iba.
37 May binato, nilagari, sinaksak. At nagta-
tago na suot ang balahibo ng tupa at kam-
bing at salat sa lahat ng bagay; inusig sila
at pinagmalupitan. 38 Mas mababang di-
hamak ang mundo para sa kanila, ngunit
palabuy-laboy sila sa ilang at kabundukan,
sa mga yungib at lungga sa lupa.

---

hanap sa paglaya o pagpapaunlad sa kanilang grupo upang makapamuhay ang mga tao nang may dignidad, hinahanap nila ang pinakamabuting bayan, na hindi matutupad kailanman sa buhay na ito.

Ganito ang masasabi natin tungkol sa maraming tao, na maaaring hindi mananampalataya at walang kaugnayan sa Iglesya, ngunit mga taong nasa landas patungo sa lunsod ng Diyos sa paghahandog nila ng kanilang sarili alang-alang sa hinaharap ng daigdig, na waring nakita nila ang di-nakikita: sila ang mga Hebreo ng pangkasalukuyang daigdig *at hindi ikinahihiya ng Diyos na tawaging Diyos nila* (16).

Ang mga bayaning ito ng pananampalataya ay pawang gumagawa patungo sa iisang layunin. Namamatay ang bawat isa sa kanila nang hindi nakikita ang ipinangako ng Diyos, na wari ay isang kabiguan; ngunit napatutunayan ng mga humalili sa kanila, sa pagbabalik-tanaw, na binubuo ng mga may pananalig ang tunay na kasaysayan.

39 Ngunit pinuri man silang lahat dahil sa kanilang pananampalataya, hindi pa nila natanggap ang ipinangako. 40 Sapagkat mas dakila ang inihanda ng Diyos para sa atin, at hindi niya ginusto na sila'y maging lubos at ganap nang di tayo kasama.

### Tanggapin ang pagtutuwid ng Panginoon

**12** • 1 Nakapalibot sa atin ang maraming saksi na parang isang ulap, kaya iwan natin ang tanang pasanin at kasalanan na nakaligid sa atin, at tumakbo tayo nang buong tatag sa kinakaharap nating karera 2 ng pananampalataya. Tumingala nga kayo sa tagapamahala nito na siya ring tagapaggantimpala. Sa halip ng kaligayahang alok sa kanya, pinagtiisan niya ang krus at binalewala ang kahihiyan nito, at ngayo'y nakaluklok siya sa kanan ng Diyos. 3 Isipin ninyo ang nagtiis ng gayong oposisyon mula sa mga makasalanan, at hindi kayo manghihina o masisiraan ng loob. 4 Nakibaka kayo laban sa masama, pero hindi pa madugo.

5 Nakalimutan ninyo siguro ang sinabi sa inyo na parang mga anak: *Huwag mong balewalain ang pagtutuwid ng Panginoon, anak ko, huwag kang masiraan ng loob kung pinangangaralan ka. Itinutuwid nga ng Panginoon ang kanyang minamahal, at pinapalo ang anak na mahal niya.*

7 Nagtitiis kayo para sa inyong ikatutuwid, kaya itinuturing kayo ng Diyos na mga anak. May anak bang di pinaparusahan ng kanyang ama? 8 Kung hindi ninyo nararanasan ang pagtuwid na nangyayari nga sa lahat, hindi kayo tunay na mga anak, kundi mga anak sa labas. 9 Iginalang natin ang ating mga ama sa laman nang ituwid nila tayo. Kaya mas nararapat na pasailalim tayo sa Ama ng mga espiritu upang mabuhay. 10 Pinarusahan nila tayo ayon sa sarili nilang kagustuhan at para sa maikling buhay na ito, ngunit, para sa Kanya, ito'y upang matanggap natin ang kanyang kabanalan. 11 Sa simula'y parang walang kaligayahan sa pagtutuwid kundi lungkot ngunit pagkatapos naman ay nagbubunga ito ng kapayapaan at kabanalan sa mga sinanay dito.

12 Kaya palakasin ninyo *ang mga kamay na nanghihina at ang mga tuhod na lampa.* 13 Ituwid ang mga daraanan ng inyong mga paa, nang hindi matisod ang pilay kundi gumaling.

### Sikaping maging banal

• 14 Maging mapayapa kayo sa lahat; hanapin ang kabanalan – kung wala ito, walang makakakita sa Panginoon. 15 Mag-ingat kayo at baka may mapalayo sa grasya ng Diyos. Huwag mag-ugat ang mapait at perhuwisyong halaman na nakahahawa sa iba. 16 Huwag magkaroon ng mahalay na lapastangang gaya ni

---

• **12.**1 Tatlong katwiran sa pananatiling matibay sa ilalim ng pagsubok:

– Pagnilayan si Jesus at ang kanyang mga paghihirap.

– Pagnilayan ang "pakikipag-isa ng mga santo", na ang ibig sabihi'y ang mahiwagang bigkis na nagbubuklod sa lahat ng mananampalataya.

– Pagnilayan na ang pagsubok ay mula sa Ama.

Pagkatapos ng isang mahabang pagpapakilala kay Kristo, pari at biktima, maliwanag ang kongklusyon para sa atin na bahagi ni Kristo; hinahangad nating makita ang Diyos, ngunit hindi natin siya matatagpuan hanggang hindi tayo namamatay, kaya dapat nating bitiwan ang buhay na ito nang hindi malulungkot.

*Ang Ama ng mga espiritu* (9). Sa Blg 16:22, nanikluhod si Moises sa Diyos *ng mga espiritu ng buong sangkatauhan*. Alam ng Diyos ang *kaloob-looban ng lahat* ng tao, alam niya ang pagdaralita ng mga ito at hindi sila maaaring parusahan nang labis.

• 14. *Lumapit kayo sa Bundok Sion* (22). Ang bundok na ito na pinagtatagan ng Jerusalem, ang sagisag ng makalangit na lunsod para sa mga Judio. Ipinahahayag ng mga malakas na larawan sa talatang ito ang nararanasan ng tao sa kanyang tunay na pagbabalik-loob kay Kristo at pagpasok sa Iglesya. Sa binyag, pumapasok siya sa pamilya ng Diyos, ng mga santo at mga anghel. Nakalalapit siya sa

Esau; ipinagbili nga niya ang kanyang
pagkapanganay para sa isang pagkain
lamang. 17 Alam ninyo na pagkatapos ay
itinakwil siya nang ninais niyang makuha
ang bendisyon. Hindi na niya mabago ang
pasya gayong nagsumamo siya at
umiyak.
18 Nang magsimula kayo, wala kayong
naranasang naglalagablab na apoy sa
gitna ng unos at dilim 19 sa tunog ng
trumpeta at tinig ng mga salita. Sumamo
ang mga nakarinig noon na huwag na
silang kausapin: 20 hindi nga nila matiis
ang pag-uutos: *Babatuhin ang sinumang
humipo sa bundok, maging hayop man.*
21 Kakila-kilabot nga ang mga nakita at
sinabi ni Moises: *Nanginginig ako sa
takot.*
22 Sa halip, lumapit kayo sa Bundok
Sion at sa lunsod ng Diyos na buhay, sa
makalangit na Jerusalem na may libu-
libong anghel, 23 sa maringal na samba-
han ng mga panganay na unang nakatala
sa langit. Naroon ang Diyos na hukom ng
lahat at ang mga espiritu ng mga matuwid
na lubos at ganap. 24 Naroon din si Jesus
na tagapamagitan ng bagong tipan at ang
iwinisik na dugo na mas sumisigaw pa
kaysa dugo ni Abel.
25 Mag-ingat kayo na huwag balewalain
ang nagsasalita. Hindi nga nakaiwas sa
parusa ang mga bumalewala sa nagsalita
na nasa lupa kaya gaano pa kaya kung
babalewalain natin ang mula sa langit?
26 Nayanig ang lupa noon sa kanyang
tinig, ngunit tinatagubilinan tayo ngayon:
*Minsan pa, at yayanigin ko hindi lamang
ang lupa kundi pati ang langit.*
27 Ito ang kahulugan ng salitang *Minsan
pa:* Papalitan ang mga nayayanig, na
ginawa lamang, at mananatili ang mga di
matitinag. 28 Tinanggap na natin ang isang
di matitinag na kaharian, kaya kumapit
tayo sa kaloob ng Diyos at magkaroon ng
banal na takot upang paglingkuran siya sa
paraang kalugud-lugod sa kanya. 29 Sa-
pagkat *Apoy na tumutupok* ang ating
Diyos.

**Pampasiglang mga salita**

**13** • 1 Mahalin ninyo ang mga kapa-
tid. 2 Huwag ninyong pabayaan
ang pagtanggap sa mga bisita; alam
ninyo na may nakapagpatuloy sa mga
anghel nang hindi nila namalayan.
3 Alalahanin ninyo ang mga bilanggo na
parang kasama rin nila kayo, at ang mga
pinahihirapan dahil mayroon din kayong
katawan. 4 Igalang ng lahat ang kasal; hu-
wag ninyong lapastanganin ang pagta-
talik. Hahatulan nga ng Diyos ang mga
mahalay at nakikiapid. 5 Mamuhay kayo
na hindi pera ang hangad, kundi makun-
tento kayo kung anong meron kayo.
Sinabi nga Niya: *Hindi kita iiwan at di kita
pababayaan.* 6 At masasabi natin nang

---

mahiwagang sentro na kinagaganapan ng mga pagpapasya sa kapalaran ng daigdig, at natatagpuan niya si Jesus mismo. Nararanasan niya ito sa pagbabalik-loob at halos nasasalat ang mga katotohanang ito, ngunit hindi natin kailangang limutin ang mga ito pagkatapos, kapag sumapit na ang pagkahapo at ang pagsubok.

• **13.**1 Dakila ang pananampalataya, ngunit naisasabuhay ito sa maliliit na bagay sa pang-araw-araw na buhay. Hindi kinakailangang gumawa ng mga dakila at bagong gawain ang mga taong pinag-uusig na pinatutungkulan ng sulat na ito. Maipakikita nila ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng matuwid at mapagbigay na buhay. Kailangang tanggapin din nila ang pagpapahirap sa kanila *at hamaking kasama ni Kristo* (13).

*Nagtiis si Jesus sa labas ng banal na lunsod* (12). Hiningi ng Biblia na sunugin sa labas ng banal na lugar ang mga biktima para sa pagpapatawad sa kasalanan. (Isang paraan iyon na nagpapakita na nasalin ang kasalanan ng tao sa mga biktimang iyon, at pagkatapos ay itinatapon. Ipinahahayag ng ritwal na ito kung ano ang nangyari kay Jesus na namatay sa labas ng banal na lunsod ng Jerusalem: siya ang tunay na biktima para sa kasalanan.

Narito ang isang aral: kailangang iwan ng mga mananampalataya ang banal na dako, ang ibig sabihi'y ang maginhawa at iginagalang na buhay upang hanapin ang Kaharian ng Katarungan na halos hindi binibigyang-pansin. Salungat sa kasalukuyang daigdig ang mga mananampalataya na hindi para sa daigdig na ito, at tumatanggi silang masiyahan sa daigdig na ito, sapagkat hindi ito ang pangwakas na bayang tahanan.

may pananalig: *Tinutulungan ako ng*
*Panginoon, hindi ako matatakot. Ano ang*
*magagawa sa akin ng tao?*
7 Alalahanin ninyo ang inyong mga
pinuno, na nagsabi sa inyo ng salita ng
Diyos. Isipin ninyo kung paano nagwakas
ang pamumuhay nila at tularan ninyo ang
kanilang pananampalataya. 8 Si Jesu-
cristo kahapon ang siya rin mismo nga-
yon at magpakailanman.
9 Huwag kayong padala sa iba't ibang
bagong aral. Ang grasya ang magpapati-
bay ng inyong loob at hindi mga pagkain
na walang silbi sa mga kumakain. 10 Hindi
makakasalo sa ating altar ang mga nagli-
lingkod pa sa Banal na Tolda.
11 Alam ninyo na sa labas ng kampo
sinusunog ang mga handog para sa
kasalanan at ang dugo'y dinadala naman
ng punong pari sa Banal na Lugar.
12 Gayon din naman, kinailangang magtiis
si Jesus sa labas ng lunsod nang paba-
nalin niya ang bayan sa pamamagitan ng
sarili niyang dugo. 13 Kaya puntahan natin
siya sa labas ng kampo at kasama niya
tayong hahamakin. 14 Wala nga tayong
permanenteng lunsod dito kundi ang
darating ang ating hinahangad. 15 Kaya
lagi tayong mag-alay sa Diyos ng hain na
papuri, na pagkilala sa kanyang Pangalan
sa pamamagitan ni Jesus. 16 Makiisa kayo
sa pamayanan at gumawa nang mabuti:
ito ang mga haing kalugud-lugod sa
Diyos.
17 Sundin ninyo ang inyong mga pinuno
at makinig sa kanila. Sila ang nag-aalaga
sa inyong mga kaluluwa at sila ang
mananagot. Mas ikabubuti ninyo kung
gagawin nila ito nang may galak kaysa
may hinagpis.
18 Ipagdasal ninyo kami. Wala kaming
ibang hangad kundi pakitunguhan kayo
nang tama, at naniniwala kami na malinis
ang aming konsiyensya. 19 Hinihiling ko sa
inyo na lubos na ipagdasal na makabalik
agad ako sa inyo.
20 Pagpalain kayo ng Diyos ng kapa-
yapaan na nagpabalik mula sa mga patay
kay Jesus na ating Panginoon – ang daki-
lang pastol ng mga tupa dahil sa pagbu-
buhos ng dugo sa walang hanggang
Tipan.
21 Palaguin nawa niya kayo sa lahat ng
mabuti, upang matupad ninyo ang kan-
yang kalooban, sapagkat siya ang guma-
gawa sa atin ng nakalulugod sa kanya sa
pamamagitan ni Jesucristo. Luwalhati sa
kanya magpakailanman. Amen.
22 Isinasamo ko sa inyo, mga kapatid,
na magtiyaga kayo sa pangaral na ito;
kailangan nga akong makasulat sa
maikling panahon. 23 Alamin ninyo na
nakalaya na si Timoteo na ating kapatid;
kung makababalik siya agad, kasama
niya akong pupunta sa inyo. 24 Ikumusta
ninyo ako sa lahat ng inyong pinuno at sa
lahat ng banal. Kinukumusta kayo ng
mga nasa Italia. 25 Sumainyo nawang
lahat ang grasya.